

Mga Minamahal naming Magulang at Taga-pangalaga:

Ang liham na ito ay nagbibigay-alam sa inyo na maaaring nalantad ang inyong anak sa ubong-dalahit (whooping cough) sa paaralan.

Ang Ubong-dalahit, kilala rin bilang pertussis, ay isang nakakahawang impeksyong bakteryal na maaaring lumaganap sa pamamagitan ng malapitang pakikipag-ugnayan sa mga taong may ganitong uri ng sakit sa ubo. Maaaring lumantad ang mga simtoma pagkaraan ng 5 hanggang 21 araw pagkatapos na magka-impeksyon. Kadalasan ay nagsisimula ito bilang isang pangkaraniwang ubo (hal. pagbahin, pagsisipon, atbp.) at sinusundan ng ubo na lumulubha pagkaraan ng isa o dalawang linggo. Ang mga taong may ubong-dalahit ay maaaring magkaroon ng panahon ng palagiang-pag-ubo kung kailan na nahihirapan silang huminga sa gitna ng kanilang pag-ubo. Ang iba ay malakas na humihingal (“whoop”) at sumusuka o parang nabubulunan. Kadalasan ay hindi ka lalagnatin sa ubong-dalahit.

Sa pangkalahatan, ang mga bakunang pang ubong-dalahit ay napaka-epektibo sa pag-pigil sa sakit o pagpapababa ng tindi nito pagkatapos maturukan ng vaccine series o booster dose. Gayunpaman, ang kaligtasan sa sakit mula sa pagbakuna ay mabilis na humihina sa pagdaan ng panahon, kung kayat kahit na ang mga bata na lubos na binakunahan ay maaari muling mahawa sa ubong-dalahit.

Ang isang booster dose ng bakuna (Tdap) ay rekomendado sa mga bata sa middle school na may edad 11-12 taong gulang at kinakailangan upang makapasok sa pang pitong antas (7th grade) sa Estado ng California. Ito ay rekomendado rin para sa mga may hustong gulang, lalo na ang mga nagdadalang-tao (sa bawat pagbubuntis) at mga taga-pangalaga ng mga sanggol. Kung ikaw o iyong mga matatandang anak ay hindi pa nabakunahan ng Tdap, gawin kaagad na magpabakuna na kayo. Ang Tdap na bakuna ay matatagpuan sa mga tanggapan ng duktor, mga butika at mga lokal na kagawaran ng pangkalusugan at kadalasan ay binabayaran ng mga insurance plan.

Kung dumaranas ng mga simtomang gaya ng sa sipon ang inyong anak at umuubo, makipag-ugnayan sa inyong duktor. Sabihin sa inyong duktor na may isang komfirmadong kaso ng ubong-dalahit na naipa-alam na sa paaralang ng inyong anak. **Kung nagpatingin na ang inyong anak sa duktor at natagpuan na mayroon syang ubong-dalahit, ipanatili ang inyong anak sa tahanan hanggang sa matapos nya ang 5 araw ng nirisetang-antibayotik na paggagamot.** Ang pinaka-tamang pagsusuri sa pagkilala ng sakit na ubong-dalahit ay ang pag-kolekta ng swab sa ilong.

Ipagpapatuloy ng lokal na kagawaran ng kalusugan ang sitwasyon. Kung kayo o ang inyong duktor ay may mga katanungan, pakigamit ang impormasyon sa pagkontak sa ibaba.

Taos-pusong sumasa-inyo,